Allāhumma, innī as'aluka -lhudā wat'tuqa wa-l`fāfa wa-lghinā. (O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyo ng patnubay, pangingilag magkasala, kalinisang-puri, at kawalang-pangangailangan.)"}

Ayon kay `Abdullāh bin Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na noon ay nagsasabi: "Allāhumma, innī as'aluka -lhudā wat'tuqa wa-l`fāfa wa-lghinā. (O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyo ng patnubay, pangingilag magkasala, kalinisang-puri, at kawalang-pangangailangan.)"}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Kabilang noon sa panalangin ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyo ng patnubay," ang daang tuwid ng pag-alam sa totoo at paggawa ayon dito, "pangingilag magkasala," ang pagsunod sa mga ipinag-uutos at ang pag-iwas sa mga sinasaway, "kalinisang-puri," ang pagpipigil sa hindi pinahihintulutan at hindi nagiging marikit sa sinasabi o ginagawa, "at kawalang-pangangailangan" sa nilikha kung saan hindi mangangailangan sa isang iba pa sa Panginoon (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan).

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3596